# BAITANG 6

## PAMANTAYAN PARA SA IKAANIM NA BAITANG

Pagkatapos ng **Ikaanim na Baitang,** inaasahang naipamamalas ng mga mag-aaral ang paglalapat na mga kasanayang panliterasi, pagpapalawak ng bokabolaryo, at pakikipagtalastasan nang may wastong gamit ng wika sa diskuro para sa pag-unawa at pagbuo ng mga tekstong naratibo at impormatibo na binibigyang pansin ang kaangkupan ng kaalaman, ideya, at damdamin na ayon sa edad, kasarian, kultura, at layunin, kaalinsabay nito na nagagamit ang kaalamang natamo hinggil sa mga elementong biswal at multimedia sa pagpapakahulugan at pagsusuri sa mga paksang patungkol sa bansa at global.

## BAITANG 6 – UNANG MARKAHAN

| | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabolaryo (denotasyon, konotasyon, tono, at damdamin) na ginagamit sa pormal at di-pormal na mga sitwasyon, lumalagong kaalaman sa mga estrukturang gramatikal, kritikal at lapat na pag-unawa sa tekstong naratibo (tulang pambata, dulang pambata, kuwentong katatakutan, maikling kuwento) at tekstong impormatibo (eksposisyon), pagbuo ng teksto, at kaalaman sa mga di-berbal na pahiwatig (pisikal na paghahatid ng mensahe) at kasanayang produktibo, at paggamit tekstong multimedia sa pagusuri at pagpapakahulugan upang makabuo ng tekstong tumatalakay sa mga paksang patungkol sa bansa at global na may kaangkupan sa edad, kasarian, paksa, at kultura (pasalita, pasulat, at *multimedia*) na batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng sanaysay na naglalahad ng tampok na isang pangyayari sa bansa o global. |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| **Pakikinig at Pagbasa (Kasanayang Pagtanggap)** | Nauunawaan ang tekstong naratibo (tulang pambata, dulang pambata, kuwentong katatakutan, maikling kuwento)<br>a. Napagsusunod- sunod ang mga pangyayaring hindi bababa sa walo |
| | b. Nailalarawan ang tagpuan |
| | c. Nakikilala ang realidad at pantasya |
| | d. Naibibigay ang natuklasang kaalaman sa teksto |
| | e. Naiiba o nababago ang mga pangyayari sa teksto |
| | Nasusuri ang kahulugan ng mga kasabihang Pilipino |
| | Naiuugnay ang kaisipan sa tunay na pangyayari sa buhay |
| | Nauunawaan ang tekstong impormatibo (eksposisyon)<br>a. Naibibigay ang mahahalagang detalyeng nakapaloob |
| | b. Naibibigay ang sariling ideya o opinyon |
| | c. Natutukoy ang pangunahing diwa/ideya/kaisipan at mga sumusuportang detalye |
| | Nasusuri ang layon ng teksto<br>• magsalaysay (tulang pambata, dulang pambata, kuwentong katatakutan, maikling kuwento)<br>• magpaliwanag (eksposisyon) |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| **Pagsasalita at Pagsulat (Kasanayang Produktibo)** | Nagagamit ang mga salitang may denotasyon at konotasyong kahulugan sa pagbuo ng pangungusap<br>a. panandang konteksto<br>• pagbibigay-kahulugan<br>• pormal na depinisyon<br>• batay sa sitwasyong pinaggamitan ng salita (*analohiya*)<br>b. kasabihan |
| | Nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa:<br>a. layon (magsalaysay at magpaliwanag)<br>b. kahulugan<br>c. tagapakinig/tagapanood/mambabasa<br>d. konteksto (mga katutubo at panrehiyong pagdiriwang)<br>e. tono at damdamin<br>f. pananaw ng tagapagsalita/manunulat (una, ikalawa, o ikatlong panauhan) |
| | Nagagamit ang mga pangungusap na walang paksa sa pagbuo ng pahayag |
| | Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag |
| | a. Kaganapan (Komplemento) ng Pandiwa<br>• tagaganap/aktor |

| **SUB-DOMEYN** | **KASANAYANG PAMPAGKATUTO** |
|---|---|
| | Nagagamit ang pangkalahatang kayarian ng teksto sa pagbuo ng diskurso<br>• nagsasalaysay (tulang pambata, dulang pambata, kuwentong katatakutan, maikling kuwento)<br>• nagpapaliwanag (eksposisyon) |
| | Nakabubuo ng tekstong may mga panandang nag-uugnay sa mga ideya ayon sa layon, kahulugan, tagapakinig/mambabasa, at konteksto<br>a. tekstong naratibo (tulang pambata, kuwentong katatakutan, maikling kuwento at dulang pambata)<br>b. tekstong impormatibo (eksposisyon – sanaysay, rebyu, artikulo) |
| | Nagagamit ang angkop na mga nakagawiang di-berbal na hudyat sa pagpapahayag<br>• postura/posisyon ng katawan<br>• espasyo/distansiya |
| | Nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura sa mga katutubo at panrehiyong pagdiriwang gamit ang telepono |
| | Nakabubuo ng teksto batay sa iba't ibang layon ng akademiya at transaksiyonal na teksto<br>• liham ng paghingi ng paumanhin |
| | Nasasagutan ang pormularyo batay sa iba't ibang layon<br>• *form* (*Personal Data Form: Philippine Statistic Authority*) |
| | Nagagamit nang maayos ang silid-aklatan (mga dapat ikilos o asal sa silid-aklatan) para sa gawaing pananaliksik |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| **Panonood at Presentasyon** | Naibibigay ang tono at layon sa pagpapakahulugan ng tekstong *multimedia* |
| | Naiuugnay ang sarili (gulang at kasarian) sa tekstong *multimedia* |
| | Nagagamit ang mga elementong biswal sa pagsusuri ng tekstong *multimedia* |

**BAITANG 6 – IKALAWANG MARKAHAN**

| | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabolaryo (denotasyon, konotasyon, tono, at damdamin) na ginagamit sa pormal at di-pormal na mga sitwasyon, lumalagong kaalaman sa mga estrukturang gramatikal, kritikal at lapat na pag-unawa sa tekstong naratibo (tula, dula, maikling kuwento, at siyensiyang piksyon) at tekstong impormatibo (eksposisyon), pagbuo ng teksto, at kaalaman sa mga di-berbal na pahiwatig (pisikal na paghahatid ng mensahe) at kasanayang produktibo, at paggamit tekstong multimedia sa pagusuri at pagpapakahulugan upang makabuo ng tekstong tumatalakay sa mga paksang tungkol sa bansa at global na may kaangkupan sa edad, kasarian, paksa, at kultura (pasalita, pasulat, at *multimedia*) na batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng isang sanaysay tungkol sa isang suliraning pambansa o pangglobal. |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| **Pakikinig at Pagbasa (Kasanayang Pagtanggap)** | Nauunawaan ang tekstong naratibo (tula, dula, maikling kuwento, at siyensiyang piksyon)<br>a. Natutukoy ang mahahalagang detalye |
| | b. Naibibigay ang kahulugan ng kilos at pahayag ng tauhan |
| | c. Nahihinuha ang damdamin at kilos ng tauhan |
| | d. Naibibigay ang opinyon at reaksiyon sa ikinilos ng tauhan |
| | e. Nababago ang katangian o pag-uugali ng mga tauhan |
| | Nasusuri ang kahulugan ng mga salawikaing Pilipino |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| | Naiuugnay ang kaisipan sa tunay na pangyayari sa buhay |
| | Nauunawaan ang tekstong impormatibo (eksposisyon)<br>a. Naibibigay ang mahahalagang detalyeng nakapaloob |
| | b. Naibabahagi ang sariling ideya o opinyon |
| | c. Natutukoy ang pangunahing diwa/ideya/kaisipan at mga sumusuportang detalye |
| | Nasusuri ang layon ng teksto<br>• magsalaysay (tula, dula, maikling kuwento, at siyensiyang piksyon)<br>• manghikayat (eksposisyon) |
| **Pagsasalita at Pagsulat (Kasanayang Produktibo)** | Nagagamit ang mga salitang may denotasyon at konotasyong kahulugan sa pagbuo ng pangungusap<br>a. panandang konteksto<br>• pagbibigay-kahulugan<br>• pormal na depinisyon<br>• batay sa sitwasyong pinaggamitan ng salita (*analohiya*)<br>b. salawikain |
| | Nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa:<br>a. layon (magsalaysay at manghikayat)<br>b. kahulugan<br>c. tagapakinig/tagapanood/mambabasa<br>d. konteksto (mga katutubo at panrehiyong pagdiriwang)<br>e. tono at damdamin<br>f. pananaw ng tagapagsalita/manunulat (una, ikalawa, o ikatlong panauhan) |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| | Nagagamit ang mga pangungusap na walang paksa sa pagbuo ng pahayag |
| | Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag |
| | a. Kaganapan (Komplemento) ng Pandiwa<br>• tagatanggap/benepaktibo |
| | Nagagamit ang pangkalahatang kayarian ng teksto sa pagbuo ng diskurso<br>• nagsasalaysay (tula, dula, maikling kuwento, at siyensiyang piksyon)<br>• nangangatuwiran (eksposisyon) |
| | Nakabubuo ng tekstong may mga panandang nag-uugnay ng mga ideya ayon sa layon, kahulugan, tagapakinig/mambabasa, at konteksto<br>a. tekstong naratibo (tula, dula, maikling kuwento, at siyensiyang piksyon)<br>b. tekstong impormatibo (eksposisyon – sanaysay, rebyu, artikulo) |
| | Nagagamit ang angkop na mga nakagawiang di-berbal na hudyat sa pagpapahayag<br>• postura/posisyon ng katawan<br>• espasyo/distansiya |
| | Nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura sa mga katutubo at panrehiyong pagdiriwang gamit ang *chat* |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| | Nakabubuo ng teksto batay sa iba't ibang layon ng akademiya at transaksiyonal na teksto<br>• liham ng pagmumungkahi |
| | Nasasagutan ang pormularyo batay sa iba't ibang layon<br>• *form* (*Personal Data Form: Bio-data*) |
| | Nagagamit ang *card catalog* para sa pagtukoy ng sanggunian na gagamitin sa pagsasaliksik ng isang paksa |
| **Panonood at Presentasyon** | Naiuugnay ang sarili (etnisidad at rehiyon) sa tekstong *multimedia* |
| | Nasusuri ang lokal na kultura batay sa nilalaman ng tekstong *multimedia* |
| | Nasusuri ang pagkamakatotohanan ng tekstong *multimedia* ayon sa mapananaligang sanggunian, petsa, pagkiling, nilalaman, at detalye, pananaw ng mga eksperto |

**BAITANG 6 – IKATLONG MARKAHAN**

| | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabolaryo (denotasyon, konotasyon, tono, at damdamin) na ginagamit sa pormal at di-pormal na mga sitwasyon, lumalagong kaalaman sa mga estrukturang gramatikal, kritikal at lapat na pag-unawa sa tekstong naratibo (tula, dula, maikling kuwento, at siyensiyang piksyon) at tekstong impormatibo (panghihikayat/persweysib), pagbuo ng teksto, at kaalaman sa mga di-berbal na pahiwatig (pisikal na paghahatid ng mensahe) at kasanayang produktibo, at paggamit tekstong multimedia sa pagusuri at pagpapakahulugan upang makabuo ng tekstong tumatalakay sa mga paksang tungkol sa bansa at global na may kaangkupan sa edad, kasarian, paksa, at kultura (pasalita, pasulat, at *multimedia*) na batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng editoryal tungkol sa isang napapanahong usaping pambansa o pangglobal. |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| **Pakikinig at Pagbasa (Kasanayang Pagtanggap)** | Nauunawaan ang tekstong naratibo (tula, dula, maikling kuwento, at siyensiyang piksyon)<br>a. Natutukoy ang pananaw ng tagapagsalita/manunulat (ikatlo-karanasan ng iba) |
| | b. Naibibigay ang sariling solusyon sa suliranin |
| | c. Nahuhulaan ang posibleng pagbabago sa katangian at kilos ng tauhan |
| | d. Naibibigay ang opinyon at reaksiyon sa pangyayari |
| | e. Nababago ang wakas ng kuwento |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| | Nasusuri ang kahulugan ng mga idyomatikong pahayag sa Filipino |
| | Naiuugnay ang kaisipan sa tunay na pangyayari sa buhay |
| | Nauunawaan ang tekstong impormatibo (panghihikayat/persweysib)<br>a. Naibibigay ang mahahalagang detalyeng nakapaloob |
| | b. Natutukoy ang pangunahing diwa/ideya/kaisipan at mga sumusuportang detalye |
| | c. Naipaliliwanag ang kaisipan ng teksto |
| | Nasusuri ang layon ng teksto<br>• magsalaysay (tula, dula, maikling kuwento, at siyensiyang piksyon)<br>• manghikayat (editoryal) |
| **Pagsasalita at Pagsulat (Kasanayang Produktibo)** | Nagagamit ang mga salitang may denotasyon at konotasyong kahulugan sa pagbuo ng pangungusap<br>a. panandang konteksto<br>• pagbibigay kahulugan<br>• pormal na depinisyon<br>• batay sa sitwasyong pinaggamitan ng salita (*analohiya*)<br>b. idyoma |
| | Nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa:<br>a. layon (magsalaysay at magpaliwanag)<br>b. kahulugan<br>c. tagapakinig/tagapanood/mambabasa<br>d. konteksto (mga katutubo at panrehiyong pagdiriwang) |

| **SUB-DOMEYN** | **KASANAYANG PAMPAGKATUTO** |
|---|---|
| | e. tono at damdamin<br>f. pananaw ng tagapagsalita/manunulat (una, ikalawa, o ikatlong panauhan) |
| | Nagagamit ang mga pangungusap na walang paksa sa pagbuo ng pahayag |
| | Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag<br>a. Kaganapan (Komplemento) ng Pandiwa<br>• layon/*goal*<br>• gamit/instrumental |
| | Nagagamit ang pangkalahatang kayarian ng teksto sa pagbuo ng diskurso<br>• nagsasalaysay (tulang pambata, dulang pambata, kuwentong katatakutan, maikling kuwento)<br>• nanghihikayat (persuweysib-editoryal) |
| | Nakabubuo ng tekstong may mga panandang nag-uugnay sa mga ideya ayon sa layon, kahulugan, tagapakinig/mambabasa, at konteksto<br>a. tekstong naratibo (tula, dula, maikling kuwento, at siyensiyang piksyon)<br>b. tekstong impormatibo (persuweysib-editoryal) |
| | Nagagamit ang angkop na mga nakagawiang di-berbal na hudyat sa pagpapahayag<br>• postura/posisyon ng katawan<br>• espasyo/distansiya |
| | Nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura sa mga katutubo at panrehiyong pagdiriwang gamit ang *social media* |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
| --- | --- |
| | Nakabubuo ng teksto batay sa iba't ibang layon ng akademiya at transaksiyonal na teksto<br>• liham ng pagtatanong (*Interview Survey*) |
| | Nasasagutan ang pormularyo batay sa iba't ibang layon<br>• *form (Survey Interview Forms)* |
| | Nagagamit ang OPAC (*Online Public Access Catalog*) sa pagtukoy ng sanggunian na gagamitin sa pagsasaliksik ng isang paksa |
| **Panonood at Presentasyon** | Nagagamit ang mga elemento ng *multimedia* sa pagtukoy ng ideya at katangian ng teksto<br>• *text* (*headlines, subtitles* at *slogans*)<br>• *graphics* (*still images, drawings, graphs, illustrations, icons*, atbp.) |
| | Naibibigay ang sariling ideya sa layon at pagpapakahulugan ng tekstong *multimedia* |
| | Nagagamit ang disenyo ng tekstong *multimedia* sa pagbuo ng naratibo at impormatibong pagpapahayag |

**BAITANG 6 – IKAAPAT NA MARKAHAN**

| | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabolaryo (denotasyon, konotasyon, tono, at damdamin) na ginagamit sa pormal at di-pormal na mga sitwasyon, lumalagong kaalaman sa mga estrukturang gramatikal, kritikal at lapat na pag-unawa sa tekstong naratibo ((tula, dula, maikling kuwento, at nobela) at tekstong impormatibo (panghihikayat/persuweysib), pagbuo ng teksto, at kaalaman sa mga di-berbal na pahiwatig (pisikal na paghahatid ng mensahe) at kasanayang produktibo, at paggamit tekstong multimedia sa pagusuri at pagpapakahulugan upang makabuo ng tekstong tumatalakay sa mga paksang tungkol sa bansa at global na may kaangkupan sa edad, kasarian, paksa, at kultura (pasalita, pasulat, at *multimedia*) na batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng liham paanyaya sa isang tagapagsalita para magbibigay ng panayam sa paksang pambansa o pangglobal. |

| **SUB-DOMEYN** | **KASANAYANG PAMPAGKATUTO** |
|---|---|
| **Pakikinig at Pagbasa (Kasanayang Pagtanggap)** | Nauunawaan ang tekstong naratibo (tula, dula, maikling kuwento, at nobela)<br>a. Natutukoy ang sanhi at bunga ng mga pangyayari |
| | b. Naibibigay ang pagkakaiba at pakakatulad ng mga pangyayari |
| | c. Nahuhulaan ang posibleng maging wakas |
| | d. Naibabahagi ang natuklasang kaalaman sa teksto |
| | e. Nakapagbubuod ng mga pangyayari |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| | Nagagamit ang mga matalinghaga at idyomatikong pahayag sa diskursong Filipino |
| | Naiuugnay ang kaisipan sa tunay na pangyayari sa buhay |
| | Nauunawaan ang tekstong impormatibo (panghihikayat/persweysib)<br>a. Naibibigay ang mga katuwiran ng pagkiling sa isang isyu/paksa |
| | b. Naipaliliwanag ang kaisipan ng teksto |
| | c. Nakabubuo ng paglalahat |
| | Nasusuri ang layon ng teksto<br>• magsalaysay (tula, dula, maikling kuwento, at nobela)<br>• manghikayat (editoryal) |
| **Pagsasalita at Pagsulat (Kasanayang Produktibo)** | Nagagamit ang mga salitang may denotasyon at konotasyong kahulugan sa pagbuo ng pangungusap<br>a. panandang konteksto<br>• pagbibigay-kahulugan<br>• pormal na depinisyon<br>• batay sa sitwasyong pinaggamitan ng salita (*analohiya*)<br>b. matalinghagang pahayag<br>c. hiram na salita |
| | Nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa:<br>a. layon (magsalaysay at manghikayat)<br>b. kahulugan<br>c. tagapakinig/tagapanood/mambabasa |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| | d. konteksto (mga katutubo at panrehiyong pagdiriwang)<br>e. tono at damdamin<br>f. pananaw ng tagapagsalita/manunulat (una, ikalawa, o ikatlong panauhan) |
| | Nagagamit ang mga pangungusap na walang paksa sa pagbuo ng pahayag |
| | Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag<br>a. Kaganapan (Komplemento) ng Pandiwa<br>• sanhi/kawsatibo<br>• ganapan/lokatib<br>• direksiyonal |
| | Nagagamit ang pangkalahatang kayarian ng teksto sa pagbuo ng diskurso<br>• nagsasalaysay (tula, dula, maikling kuwento, at nobela)<br>• nanghihikayat (persuweysib-editoryal) |
| | Nakabubuo ng tekstong may mga panandang nag-uugnay ng mga ideya ayon sa layon, kahulugan, tagapakinig/mambabasa, at konteksto<br>a. tekstong naratibo (tula, dula, maikling kuwento, at nobela)<br>b. tekstong impormatibo (persuweysib-editoryal) |
| | Nagagamit ang angkop na mga nakagawiang di-berbal na hudyat sa pagpapahayag<br>• postura/posisyon ng katawan<br>• espasyo/distansiya |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| | Nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura sa mga katutubo at panrehiyong pagdiriwang gamit ang *email* |
| | Nakabubuo ng teksto batay sa iba't ibang layon ng akademik at transaksiyonal teksto<br>• liham ng paanyaya (sa panauhin) |
| | Nasasagutan ang pormularyo batay sa iba't ibang layon<br>• *form (Order Forms/ Online Survery Forms)* |
| | Nagagamit ang silid-aklatan, OPAC (*Online Public Access Catalog)* at ilang mga *online* na sanggunian/*website* para sa gawaing pananaliksik |
| **Panonood at Presentasyon** | Nagagamit ang mga elemento ng *multimedia* sa pagtukoy sa ideya at katangian ng teksto<br>• *audio (dialogue, recorded narration, music, sound effects, stingers,* atbp.*)*<br>• *video (clip, film, tv ads, slideshow,* atbp.*)*<br>• *animation (two-dimensional, three-dimensional)* |
| | Nakabubuo ng tekstong *multimedia* batay sa layon |